4

# Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 2

Aralin 8

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan Baitang 4**
**Kuwarter 2: Aralin 8 (Linggo 8)**
**TP 2024-2025**

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para paunang papapatupad o implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**

- Helengrace A. Lao (Western Mindanao State University)

**Tagasuri**

- Florisa B. Simeon, Ph.D. (Philippine Normal University — Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan nG Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| ***A.* Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa sa ugnayan ng tao at heograpiya bilang batayan sa angkop na pagtugon sa mga oportunidad at hamong kaakibat nito. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng gawaing nagsusulong sa pangangalaga at paglinang ng mga pinagkukunang yaman. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Natutukoy ang mga hamon sa pagkamit ng likas-kayang pag-unlad.<br>1. Naibibigay ang tamang konsepto at kahulugan ng likas-kayang pag-unlad.<br>2. Naibabahagi ang mga katangian at bumubuong elemento ng konseptong likas-kayang pag-unlad.<br>3. Naisa-isa ang mga halimbawa ng iba't bang hamon sa pagkamit ng likas-kayang pag-unlad.<br>Napahahalagahan ang mga gawaing nagsusulong ng likas-kayang pag-unlad. (sustainable development) ng mga pinagkukunang yaman ng bansa<br>4. Nasasabi ang mga gawaing nagsusulong ng likas-kayang pag-unlad sa pinagkukunang yaman ng bansa.<br>5. Naiuugnay ang mga gawaing nagsusulong ng likas-kayang pag-unlad ng mga pinagkukunang-yaman ng bansa.<br>6. Nakapaglalahad ng mga iba't bang gawain na nagsusulong ng likas-kayang pang-unlad.<br>7. Naipapakita ang pagpapahalaga ng mga gawain na nagsusulong ng likas-kayang pag-unlad. |
| **C. Nilalaman** | Pagkamit ng Likas-kayang Pag-unlad (*sustainable development*)<br>• Mga Hamon sa Pagkamit ng Likas-kayang Pag-unlad<br>• Mga Gawaing Nagsusulong ng Likas-Kayang Pag-unlad (*sustainable development*) ng mga Pinagkukunang Yaman ng Bansa |
| **D. Integrasyon** | Kaalamang Pangkapaligiran (environmental literacy)<br>Sustainable Development Goals (SDGs)<br>• SDG 6: Clean Water and Sanitation<br>• SDG 11: Sustainable Cities and Communities<br>• SDG 14: Life below water |

| | |
|---|---|
| | • SDG 15: Life on Land<br>Lokalisasyon at Kontekstwalisasyon |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


Abique, Myra (2020). Kahalagahan ng Ugnayan ng Tao at Kapaligiran. Modyul. Kagawaran ng Edukasyon.

Ararao, Felix (2020). Aralin 6 - Sustainable Development. Retrieved from: https://www.scribd.com/document/474911900/Aralin-6-Sustainable-Development

Belarde, Rosalinda, Barcelona, Villa, Daroni, Christian, Fajrado, Julieta (2019). Lahing Pilipino Kaagapay sa Ika-21 Siglo. Ikaapat na Baitang. Batallan at Sanayang Aklat sa Araling Panlipunan. Rex Book Store.

Christie, Marianne (2019). Pagsusulit Sa Likas Kayang Pag-Unlad. Retrieved from: https://www.scribd.com/document/432806694/Pagsusulit-sa-Likas-Kayang-Pag-unlad

Dayag, Alma (2018). Bagong Lakbay ng Lahing Pilipino 4. Teacher' Wraparound Edition. Phoenix Publishing House.

Eugenio, Marissa (2020). Mga Kasalukuyang Hamon Sa Pagtamo Ng Sustainable Development. Retrieved from: https://myinfobasket.com/mga-kasalukuyang-hamon-sa-pagtamo-ng-sustainable-development/

Gabay Pangkurikulum sa Araling Panlipunan 2016. Department of Education DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig City.

Honradez, Editha (2016). YUNIT II ARALIN 11: Likas Kayang Pag-unlad. Retrieved from: https://www.slideshare.net/edithahonradez/yunit-ii-aralin-11-likas-kayang-pagunlad

Lesson 5.3: Mga Hamon sa Pagtatamo ng Sustainable Development. (2021). Retrieved from: https://www.coursehero.com/file/119860494/3-Strategiespdf/

Ocado, Luzviminda (2020). Likas-kayang Pag-unlad (Sustainable Development). Araling Panlipunan 4 Ikalawang Markahan – Modyul. Department of Education. Pasig City. Retrived from: https://www.scribd.com/document/494521988/AP-4-Q2-Mod-4-Likas-Kayang-Pag-unlad-v4

Salvador, Jocelyn (2023). Module 4 Second Quarter – MELCS Based. Retrieved from: https://www.scribd.com/presentation/632431641/Module4-second-quarter-pptx

Tagami, Mark Ian (2021). iJuander: Batayang Kagamitang Modyul na Panturo sa Araling Panlipiunan. Retrieved from: https://drive.google.com/file/d/1DlexPwUyK_cF5-xGtikU1QTAA95u8N2M/view?usp=share_link

Villanueva, Voltaire M. 2018. #ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino. VMV Publishing House. Makati: Bangkal.

Ang mga larawan ay kinuha mula sa:

Clipart Library. https://clipart-library.com/clipart/bucket-clip-art-28.htm

Happy Kids Foundation. https://web.facebook.com/p/Happy-Kids-Foundation-100080013714762/?_rdc=1&_rdr

Is urbanization in developing countries reshaping the world?. The Borgen Project. https://borgenproject.org/urbanization-in-developing-countries/

*Pilipinas at maruming kapaligiran.* Blog and me. https://tatess.blogspot.com/2014/03/pilipinas-at-maruming-kapaligiran-is.html

*Sanhi Sa Pagkasira Ng Likas Na Yaman.* NA Netizens https://nanetizens.blogspot.com/2021/11/sanhi-sa-pagkasira-ng-likas-na-yaman.html
Shah, Z. (2018). *Philippines, a tropical paradise.* Tripoto. https://www.tripoto.com/el-nido/trips/philippines-a-tropical-paradise-5ca4c65236ea7

Ang mga bidyo ay kinuha mula sa:

Aral TV Deped Leyte (2021). AP Grade 4 Q2 Ep 08: Likas Kayang Pag unlad. Aral TV Deped Leyte Studio. https://www.youtube.com/watch?v=a8WPRAnHu60
Castor, N. (2020). Sustainable Development Goals (Filipino version). Nestor Castro Studio. https://www.youtube.com/watch?v=FRZiXdL30d4
Flextune Music (2023). Majarlica - Kalikasan (Lyric Video). Majarlica. https://www.youtube.com/watch?v=0Zb33f1H9oM
Mirafuentes, F. (2021). Gawaing Nakakalinang sa Likas-Kayang Pag-unlad. Frank Lorenz Mirafuentes Studio.https://www.youtube.com/watch?v=TZtNM7_R1Yw

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**1. Munting Balik-Aral**<br><br>Ipagawa sa mga mag-aaral ang sumusunod na gawain:<br><br>**SPOT-ify (#Dinggin ang Musikong Mahimig)**<br><br><br><br>Ang mga mag-aaral ay susuriin ang nilalaman at mga konseptong ipinapabatid ng kantang ito, “Majarlica – Kalikasan” https://www.youtube.com/watch?v=0Zb33f1H9oM<br><br>Gawing gabay ang ~~mga~~ sumusunod na tanong para sa pagsusuri:<br><br>1. Ano ang ibig ipahiwatig sa atin ng awitin?<br>2. Sa pagmamasid mo sa ating kapaligiran, totoo bang repleksiyon ang kanta sa kasalukuyang kalagayan nito?<br>3. Sa bahaging ito ng kantan., “Liwanag ang bumubuhay at gumagabay sa ~~K~~alikasan”, ano sa tingin mo ang liwanag na tinutukoy dito?<br>**Isipin-Iugnay-Ibahagi (#Mga Tatlong “I” na Dapat Pinapatnubay):**<br>Pagkatapos tukuyin ang mga ideya sa naunang gawain, ang mga mag-aaral, sa pamamagitan ng dalawahan o tatluhan, ay dapat na bigyang-diin ang pagbibigay ng kahulugan o ugnayan ang awitin sa mga iba’t ibang larawan. Kinakailangan ring ibahagi | Sa bahaging ito maaaring, magdagdag pa ng isyu o balitang naaangkop patungkol sa kapaligiran |

ng mag-aaral ang kaniyang opinyong tungkol dito.

| MGA LARAWAN | ISIPIN-IUGNAY-IBAHAGI |
|---|---|
|  | ______________________________ |
|  | ______________________________ |
|  | ______________________________ |
|  | ______________________________ |

**UNANG ARAW**

**K-W-H-L CHART (#iKuwento, Wariin, Hanapin, Lagumin):**
Hinihingi ng makikitang tsart sa ibaba ang iyong inisyal at pinal na pag-unawa patungkol sa aralin. Punan ang hinihinging impormasyon.

| Ano-ano ang nalalaman ko? **K** | Ano-ano ang gusto ko pang malaman? **W** | Paano ko pa ito matututunan? **H** | Ano-ano ang natutuhan ko? **L** |
|---|---|---|---|
| ________________<br>________________<br>________________<br>__________ | ________________<br>________________<br>________________<br>__________ | ________________<br>________________<br>________________<br>__________ | ________________<br>________________<br>________________<br>__________ |

**B. Paglalahad ng Layunin**

**UNANG ARAW**



**1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**

**Gawin ang sumusunod na gawain sa interaktibong pamamaraan:**

**S-D-G sheet (#Sagot sa Daigdigang Ganap)**

Ang mga mag-aaral ay kanilang tutukuyin kung ang nasa akronim na S-D-G sa pamamagitan ng mga pahayag na makikita sa ibang hanay. Gawing gabay ang mga pahayag na makikita sa ibang hanay upang matukoy ang konsepto.

| | |
|---|---|
| 1. S _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ o<br>S _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ | • Ito ay layuning panlipunan na may kinalaman sa kakayahan ng mga tao na ligtas na mamuhay nang magkasama sa mundo sa loob ng mahabang panahon.<br>• Ito ay ang pagpreserba pa sa kapaligiran upang ito ay magamit pa sa pag-unlad sa kinabukasan.<br>Panuto: Maaaari pang magbigay ng iba pang pahayag o halimbawa ang mga mag-aaral patungkol dito. |
| 2. D _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ _ | • ay isang proseso na lumilikha ng paglago, pag-unlad, positibong pagbabago o pagdaragdag ng mga sangkap na pisikal, pang-ekonomiya<br>• KASINGKAHULUGAN: pagpapaunlad; paglago; pagbabago; kaunlaran<br>Panuto: Maaaring hayaan ang mga mag-aaral na maglahad o magkuwento patungol sa paksa kung mayroon silang maiugnay rito. |
| 3. G _ _ _ _ | • KASINGKAHULUGAN: tunguhin, adhikain, layunin<br>• HALIMBAWA: Gustong-gusto ni Maria na maging isang guro, ito’y kaniyang ________, dahil gusto niyang |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><td></td><td>makatulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral.<br>Panuto: Bukod sa pahayag, maaari pang magpakita ng halimbawa ang guro gamit ang naaangkop na larawan.</td></tr>
</table>
IKALAWANG ARAW<br><br>
Mula sa nakaraang mga gawain, tatanungin ang mga mag-aaral ng mga iba’t ibang pamprosesong tanong:<br><br>
1. Ano ang kasalukuyang kalagayan ng inyong lokalidad o kapaligiran? Maayos ba o hindi na?<br>
2. Ano ang mga nakaaapekto sa kasalukuyan nitong kalagayan?<br>
3. Ano kaya ang mga maaaring aksiyon o mga programa para mas mapaunlad pa ang kondisyon ng kapaligiran?<br><br>
Bilang ito ang ninanais na makamtang layunin, nararapat na ipabatid sa mga mag-aaral na ang konsepto ng kasalukuyang kalagayan ng kapaligiran at mga mga pamamaraan para ito pa’y mapaunlad sa tulong ng likas-kayang pag-unlad (sustainable development). Bilang ito ay may mga layunin at internasyunal na programa, sa susunod na gawain, maaaring gamitin ang kaniyang pangalan.
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>C. Paglinang at Pagpapalalim</td>
<td>
IKALAWANG ARAW<br><br>
Ang Likas-Kayang Pag-unlad (Sustainable Development) ay ang pagtugon sa pangangailangan at mithin ng mga tao nang may pagsasa-alang-alang sa kakayahan ng susunod na henerasyon na makamit din ang kanilang mga pangangailangan.<br><br>
Ang pagsulong at pag-unlad ay mithiin ng bawat bansa. Kung ihahambing sa ibang bansa, ang Pilipinas ay pinagpala dahil mayaman tayo sa likas na yaman.<br><br>
Kaugnay na Paksa 1: Ano Ang Tungkol Sa Likas-Kayang Pag-Unlad?<br><br>
1. Pagproseso ng Pag-unawa<br><br>
Maaaring gawing gabay ang mga sumusunod na resources para mas malaman pa ang tungkol sa Likas-Kayang Pag-unlad:<br><br>




</td>
<td>Ang mga impormasyong ito ay maaaring gawing gabay sa pagproseso ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang guro ay may kalayaang magdagdag pa ng iba pang pahayag o babasahin na sa tingin niyang naaangkop sa mga mag-aaral batay sa lokalisasyon at kontekstwalisasyon ng aralin.</td>
</tr>
</table>

Noong 1972, natukoy ng *United Nations Conference on Human Environment* ang posibleng ugnayan ng kalikasan at kaunlaran.

Taong 1987, binuo ng *United Nations* o Nagkakaisang mga Bansa ang Pandaigdigang Komisyon sa Kalikasan at Kaunlaran (*World Commission on Environment and Development, WCED*) upang pag-aralan at bigyan ng kaukulang solusyon ang suliranin sa kalikasan at kaunlaran. Binigyan-diin ng komisyon ang likas kayang pag-unlad o *Sustainable Development*. Ito ay ang pagtugon sa pangangailangan at mithiin ng mga tao nang may pagsasaalang-alang sa kakayahan ng susunod na henerasyon na makamit din ang kanilang mga pangangailangan.

Bilang pakikiisa sa WCED, binuo ng pamahalaan ang *Philippine Strategy for Sustainable Development* (PSSD) na nagsasagawa ng iba't ibang estratehiya upang matugunan ang mga pangangailangan ng tao;

- Usaping pangkalikasan sa paggawa ng desisyon
- Isyung pampopulasyon at kapakanan sa pagpaplano ng pag-unlad
- Pagpapaunlad sa mga rural na lugar
- Pagpapaigting ng edukasyong pangkalikasan
- Pagpapaganda o pag-aayos ng mga nasirang *ecosystem*
- Pagpigil sa polusyon
- Pagpapalakas ng suporta at partisipasyon ng taong bayan

**UNANG ARAW**

2. **Pinatnubayang Pagsasanay**

   **Tanong-Tugon, Pamparunong (#Pamprosesong Katanungan):**

   Ang sumusunod na katangungan ay maaaring gawing gabay ng guro sa pagtatalakay ng aralin.

   - Ano ang mga mahahalagang impormasyong iyong nakalap patungkol sa Likas-Kayang Pag-Unlad?
   - Ano ang ugnayan ng mga detalye patungkol sa pagpapabuti natin ng kapaligiran?
   - Paano nakaapekto ang konsepto ng likas-kayang pag-unlad sa ating bansa?

3. **Paglalapat at Pag-uugnay (#Ating Ilapat at Iugnay)**

   Sa bahaging ito, ang mga mag-aaral ay kanilang ibabahagi aang mga kahulugan at kahalagahan ng likas-kayang pag-unlad sa pamamagitan ng talaang ito.

| **Kahulugan o konseptong maaring i-ugnay** | | **Kahalagahan** |
|---|---|---|
| 1.______________________ | **Likas-kayang Pag-Unlad** | 1.______________________ |
| 2.______________________ | | 2.______________________ |
| 3.______________________ | | 3.______________________ |

| | | |
|---|---|---|
| | **IKALAWANG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 2: Mga Hamon Sa Likas-Kayang Pag-Unlad**<br><br>1. **Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Bagaman maganda ang hangarin ng pagsulong ng likas-kayang pag-unlad sa ating bansa, hindi pa rin ito perpektong solusyon upang mailigtas o maingatan ang mga yaman ng bansa at mundo dahil sa mga problema o hamong humaharang sa pagtamo nito.<br><br>Narito ang ilan sa mga hamon ng pagtamo ng sustainable development<br><br>Sa tulong ng mga iba't ibang isyu at mga impormasyon, ang mga mag-aaral ay kanilang susuriin ang katangian at kalagayan sa bansa:<br><br>Mula sa: https://www.coursehero.com/file/119860494/3-Strategiespdf/<br><br>**MGA NEGOSYO NA NAKAPOKUS SA KITA**<br><br>Maraming kompanya sa mundo ang may mga interes na taliwas o kontra sa mga konsepto ng sustainable development. Ang isang pangunahing hamon at balakid sa napapanatiling pg-unlad, kung gayon, ay maraming negosyo ang nakapokus sa kita at tila walang pakialam sa pagligtas sa likas na yaman ng mundo.<br><br>**PAGSABOG NG POPULASYON (POPULATION EXPLOSION)**<br><br>Ang populasyon ng mundo ay lubhang nadagdagan nang mabilis sa huling dalawang daang taon, at ang paglago nito ay tila walang katapusan. Kapag malaki ang populasyon, maraming tao ang mangangailangan at gagamit ng limitadong likas na yaman ng mundo. Maging ang pagsabog ng populasyon ay malaking hamon din sa edukasyon, pagkain, tahanan, ekonomiya, at hanapbuhay.<br><br>**PAGKAUBOS NG NON-RENEWABLE RESOURCES**<br><br>Ang isa pang balakid ay ang mga kompanyang may maling paniniwala na mya palagiang masaganang suplay ng mga resource ang mundo. Ang epekto ng ganitong uri ng pag-iisip, lalo na sa panig ng mga negosyante, ay nagwawasak ng kapaligiran. Bagama't ang tubig at kagubatan ay maaaring ma-replenish, kung ang mabilis na pagkaubos (depletion) ay mas mabilis kaysa sa paglago (growth) ang mga mapagkukunan ay tuluyang mauubos o mawawala. | Ang mga impormasyong ito ay maaaring gawing gabay sa pagproseso ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang guro ay may kalayaang magdagdag pa ng iba pang pahayag o babasahin na sa tingin niyang naaangkop sa mga mag-aaral batay sa lokalisasyon at kontekstwalisasyon ng aralin. |

**MABILIS NA INDUSTRIYALISASYON**

Ang mabilis na industriyalisasyon ng mauunlad na bansa ay lumikha ng agarang pangangailangan para sa maraming mga likas na yaman. Halimbawa, ang ekonomiya ng mga bansa tulad ng India at China ay biglang lumago nang mabilis kung kaya't nangangailangan ang mga tao ng mga likas na yaman ng mundo para sa kanilang mga sasakyan, teknolohiya, produksiyon ng pagkain at iba pa. Ang mga mauunlad na bansa ay matagal nang gumagamit ng napakalaking bahagi ng mga resource ng mundo at matagal nang nagbubuga ng greenhouse gas sa atmospera bunga ng tinatawag na industriyalisasyon.

Ang ilan pa sa mga isyung nagsisilbing hamon, kung hindi man balakid, sa konsepto ng sustainable development ay ang pagbabago ng klima, paggamit ng enerhiya, paglikha ng basura, mga banta sa pampublikong kalusugan, kahirapan, panlipunang pagbubukod, pamamahala sa mga likas na yaman, pagkawala ng biodiversity, at paggamit ng lupa. Sa kontekstong ito, ang sustainable development ay talagang isang mahalagang obligasyon at napakalaking hamon.

Maaari pang gamitin ang bidyong ito sa pagpapa-unlad pa ng konsepto ng aralin:






Mula sa: https://www.youtube.com/watch?v=zhZiUs1lYHQ

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Tanong-Tugon, Pamparunong (#Pamprosesong Katanungan):**
Ang sumusunod na katanungan ay maaaring gawing gabay ng guro sa pagtatalakay ng aralin.

- Ano ang mga suliranin na nakikitang maaaring humadlang sa likas-kayang pag-unlad?
- Sa inyong lokalidad, ano ang mga hamon na inyong nararanasan?
- Paano nakaaapekto ang mga hamon at suliranin na ito sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga mamamayan?

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**Ugnay-Unawa (#Ating Ilapat at Iugnay)**

Sa bahaging ito, ang mga mag-aaral ay kanilang pupunan ng mga impormasyon ang ating #BakitList. Para mas magabayan ang mga mag-aaral, maaaring gawing gabay ang katanungang ito sa pagtala sa ating #BakitList ng kanilang tugon.




Bakit mahalagang malaman ang mga hamon o suliranin na kinakaharap ng mga mamamayan at kapaligiran para sa pagsulong ng likas-kayang pag-unlad?

**IKATLONG ARAW**

**Kaugnay na Paksa: Mga Gawaing Nagsusulong Ng Likas-Kayang Pag-Unlad**

1. **Pagproseso ng Pag-unawa**



Mahirap man ang implementasyon ng mga programang likas-kayang pag-unlad at kaniyang mga hamon o suliranin, mayroon pa rin magagawa para ito ay mas maisulong pa, mapalokalidad, bansa, o sa buong mundo. Kagaya ng mga nabanggit na pagsusulong ng mga yamang likas ng bansa sa mga nagdaang aralin, sa likas-kayang pag-unlad, mayroon rin tayong magagawa sa pagsusulong nito.

Sa pamamagitan ng sumusunod na babasahin, ang mga mag-aaral ay kanilang susuriin ang mga katangian nito:

2. **Pinatnubayang Pagsasanay**

**Tanong-Tugon, Pamparunong (#Pamprosesong Katanungan):**
Ang-sumusunod na katangungan ay maaaring gawing gabay ng guro sa pagtatalakay ng aralin.

- Ano ang mga gawain o programang nagsusulong sa likas-kayang pag-unlad?
- Sa paanong paaran pa natin mapagyayaman ang pagsasagawa ng mga gawain o programang nagsusulong sa likas-kayang pag-unlad?

3. **Paglalapat at Pag-uugnay**

**Ugnay-Unawa (#Ating Ilapat at Iugnay)**
Sa bahaging ito, ang mga mag-aaral ay kanilang ibabahagi ang mga naoobserbahang gawain o programang isinasagawa sa kanilang mga barangay o bayan na tuluyang

Ang mga impormasyong ito ay maaaring gawing gabay sa pagproseso ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang guro ay may kalayaang magdagdag pa ng iba pang pahayag o babasahin na sa tingin niyang naaangkop sa mga mag-aaral batay sa lokalisasyon at kontekstwalisasyon ng aralin.

| | | |
|---|---|---|
| | nagsusulong sa likas-kayang pag-unlad at mga epekto nito sa mga mamamayan.<br><br>**GAWAIN O PROGRAMA NA NAGSUSULONG NG LIKAS-KAYANG PAG-UNLAD** \| **EPEKTO NITO SA INYONG LOKALIDAD**<br>1. ____________________ \| ____________________ | |
| **D. Paglalahat** | **IKATLONG ARAW**<br><br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br><br>**3-2-1 (Numero ng Karunungan):**<br>Sa bahaging ito, ang mga mag-aaral ay kanilang itatala ang mga impormasyon o detalyeng kanilang nakalap o naunawaan sa aralin. Gawing gabay ang makikitang tsart. | Ang bahaging ito ay maaaring gawaing pangkatan. |

| 3 bagay na natutuhan sa aralin | 2 ideyang nalinawan ka mula sa dati mong nalalaman dito | 1 bagay na naranasan mo na may ugnayan sa aralin |
|---|---|---|
| 1 ____________<br>2 ____________<br>3 ____________ | 1 ____________<br>2 ____________ | 1 ____________<br>____________<br>____________ |

**IKAAPAT NA ARAW**

**A-B-K-D (Alpabetong Tampok ay Dunong):**
Sa gawaing ito, ang mga mag-aaral ay kanilang ilalagom o ibubuod ang mga mahahalagang konseptong kanilang napag-aralan, naobserbahan, o naranasan patungkol sa aralin at mga iba't ibang gawain. Gawing gabay ang tsart

Ang bahaging ito ay maaaring gawaing pangkatan.

| |
|---|
| **A**ng mga konsepto o ideya ay ...<br>____________________________________ |
| **B**ibong-bibo akong malaman ang aralin kasi ... |

______________________________________________

**K** ahalagahan nito sa akin ay …

______________________________________________

**D** apat ko pang pagyamanin ang kaalaman upang…

______________________________________________

**IKALIMANG ARAW**

**2. Pagninilay sa Pagkatuto**

**Hiling-Dinggin (#WallWisher):** Sa bahaging ito, ang mga mag-aaral ay kanilang itatalaang kanilang mga kahilingan para sa mga mamamayan upang mas mapalakas pa ang pagsulong ng likas-kayang pag-unlad ng mga pinagkukunang yaman. Gamit ang mga *sticky notes*, kanilang ilalahad at ipapaskil sa #*WallWisher* ang mga ito



Ito ay isang halimbawa


| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. PAGTATAYA** | **IKALIMANG ARAW**<br><br>**1. PAGSUSULIT**<br><br>Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot mula sa mga sumusunod na katanungan.<br>_____1. Kailan natukoy ng United Nations Conference on Human Environment ang posibilidad na ugnayan ng kalikasan at ng kaunlaran?<br>A. 1972 B. 1989 C.1992 D. 2013<br>_____2. Kinakailangan ang pagtutulungan ng mga tao sa pamayanan upang mapangalagaan ang yamang lupa. Ano ang isa sa mga paraan na maaaring gawin?<br>A. Umasa sa tulong ng kalikasan | **Mga Tamang Sagot:**<br>1. A<br>2. B<br>3. D<br>4. B<br>5. D<br>6. D<br>7. D<br>8. D<br>9. D<br>10. A<br>11. / |

| | | |
|---|---|---|
| | B. Gumamit ng mga pataba at patubig<br>C. Iwanang nakatiwangwang ang lupa D.<br>Gawing mabilis ang paraan ng pagtatanim<br>_____3. Alin ang nagpapakita ng pangangalaga sa yamang tubig?<br>A. Pagsasagawa ng reforestation<br>C. Pangingisda kung panahon ng pangingitlog<br>B. Pagtatapon ng dumi at kemikal sa tubig<br>D. Paggamit ng lambat na maykatamtamang butas<br>_____4. Alin ang hindi makatutulong sa pangangalaga sa yamang mineral?<br>A. Pagsasagawa nang maayos na pagtatambak ng hinukay na lupa<br>B. Paglinang sa mga minahan ng sinoman kahit walang pahintulot<br>C. Pananalisik sa pinakabagong paraan ng pagtuklas ng mineral<br>D. Maging responsableng mamamayan sa paggamit ng mga yamang mineral<br>_____5. Alin sa sumusunod na pangungusap ang nagsasabi tungkol sa likas kayang pag-unlad (sustainable development)?<br>A. Pangingibang bansa ng mga Pilipino upang maghanapbuhay.<br>B. Walang habas na paggamit ng mga pinagkukunan natin ng likas na yaman.<br>C. Putulin ang mga puno sa kagubatan para sa proyektong pang- i imprastruktura<br>D. Pagtugon sa pangangailangan at mithiin ng mga tao na may pagsaalang-alang sakakayahan at abilidad ng susunod na henerasyon<br>_____6. Ang sumusunod ay nakahahadlang ang konsumerismo sa ng likas-kayang pag-unlad maliban sa isa. Ano ang naiiba?<br>A. labis na dumarami ang basura na nakasasama sa kalikasan<br>B. nasasayang ang likas na yaman dahil sa labis na paggamit nito<br>C. nauubos nang mabilis ang likas na yaman dahil sa labis na paggamit<br>D. magsulong ng mga programang nagpapanatili ng kapaligiran<br>_____7. Paano nakatutulong sa likas-kayang pag-unlad ang paggamit ng napapalitang enerhiya?<br>A. napagkakaisa ng mga layunin ng mga mamamayan<br>B. napipigilan nito ang panganib na dulot ng kalamidad<br>C. napapanatili nito ang suplay ng pagkain at tubig<br>D. naiibsan nito ang epekto ng pagbabago ng klima<br>_____8. Ang sumusunod ay nagsusulong ng likas-kayang pag-unlad maliban sa isa. Ano ang naiiba?<br>A. Gumamit ng LED lights<br>B. magtipid sa paggamit ng kuryente<br>C. huwag magsayang ng pagkain<br>D. magtapon ng basura kung saan-saan<br>_____9. Ito ay tumutukoy sa mga pinagkukunan ng enerhiya na napapalitan.<br>A. energy drive   C. energy efficiency | 12. X<br>13. X |

B. energy usage D. renewable energy

____10. Ito ay tumutukoy sa pagbabawas sa konsumo ng enerhiya nang hindi isinasakripisyo ang bisa o benepisyo ng kagamitang kumokonsumo nito.
A. energy efficiency C. energy saving
B. energy conservation D. energy source

Suriin ang larawan. Lagyan ng tsek (/) kung ang larawan ay nagpapakita ng likas kayang pag-unlad o pangangalaga sa kalikasan at ekis (x) kung hindi.




3K: Kontrata Ng Katapatan Sa Kapaligiran *(#Commitment Wall):*
Sa isang malaking Commitment Wall, ang mga mag-aaral ay kanilang itatala ang kanilang mga pangako o commitment, mga kaya nilang gawin, para sa pagsusulong ng likas-kayang pag-unlad ng mga pinagkukunang likas-yaman.
Gawing gabay ang pahayag na ito: Bata man akong maituturing, ngunit sa aking mumunting gawain, kayang-kaya kong isulong ang likas-kayang pag-unlad ng yaman ng bansa sa pamamagitan ng …

#COMMITMENT WALL

______________________________________________

______________________________________________

**B. Pagbuo ng Anotasyon**

| **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** |
|---|---|---|
| Estratehiya | | |
| Kagamitan | | |
| Pakikilahok ng Mag-aaral | | |
| Iba pa | | |

Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.

| | | |
|---|---|---|
| | | Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| **C. Pagninilay** | ANO ANG AKING NARAMDAMAN?<br><br>ANO ANG AKING GAGAWIN?<br><br>PARA SA GURO<br>PASKILATIS (FACE AND BOOK YOUR SELF FOR A SELF EXPLORATION TRIP)<br><br><br><br>Pakiramdam ko, ang linggong ito ay sapagkat<br>______________________________<br>Naging mapanghamon ang pagtuturo dahil<br>______________________________<br>Sa huli, nagtagumpay ang pagtuturo sapagkat ang pagkatuto ng mga mag-aaral ay makikita sa<br>______________________________ | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |